



Ibang Klase sa QC

NEWSLETTER



Tinanggap ni Mayor Joy Belmonte kasama si Vice Mayor Gian Sotto at QCU President Dr. Theresita Atienza ang Gawad Parangal para sa QCU mula kay Commissioner Prospero "Popoy" de Vera

QCU: Ganap nang Institutionally Recognized ng CHED

Ginawaran ng Commission on Higher Education (CHED) ang Quezon City University ng natatanging Institutional Recognition. Ito ay naging isang katuparan dulot ng buong suporta ni Mayor Joy Belmonte at Lupon ng mga Regente, Vice Mayor Gian Sotto at ng Sangguniang Panglunsod, kabilang sina Konsehal Irene Belmonte at Tagapamuno ng Education Affairs Unit na si dating Konsehal Aly Medalla.

Dahil sa pagkilalang ito, ang mga mag-aaral sa QCU ay pagkakalooban ng libreng edukasyon sa pamamagitan ng UniFAST Free Higher Education Program. Kasama rin dito ang iba pang benepisyo tulad ng tulong pinansyal sa mga estudyanteng kulang ang kakayahang tustusan ang gastusin sa pag-aaral.

Ang Institutional Recognition na ito at mga bagong programa ang magbibigay daan upang maisakatuparan ang mithiing maging #1 QCU - bilang pangunahing pamantasan ng magsisipagtapos na angkop ang kakayahan sa larangan ng trabaho.

QCU: Handa na sa Pagbubukas ng 2021-2022 Academic Year

Upang maisakatuparan ang mga layunin at adhikain ng Quezon City University sa panibagong Academic Year ngayong darating na Agosto, maraming paghahanda ang ginagawa sa pamumuno ni Dr. Theresita Atienza. Inaasahan ang pag-enroll ng **10,300 na estudyante**, at ang pagbubukas ng limang bagong programa:

Bachelor of Elementary Education
Bachelor of Secondary Education
Bachelor of Early Childhood Education
Bachelor of Science in Business Administration
Bachelor of Science in Management Accounting

Bukod sa mga bagong kurso, ang QCU rin ay bumubuo ng mga partnerships, trainings at iba pang programa para sa kaguruan at mga estudyante. Masusing pinag-aralan ang mga programang ito upang tumugon sa mga pangagailangan pang-trabaho ng mga negosyo at industriya ng lungsod.



Nakatanggap ang QCU ng 9,750 units ng Smart Pocket Wifi with monthly internet allowance para sa mga estudyante at guro nito.

Upcoming Events




Mayor's Education Summit

Bilang pagkilala at pagbigay parangal sa mga natatanging inisyatibo na nakatulong sa pagpapatuloy ng edukasyon sa ating lungsod, ating ilulunsad ang Eduk-Aksyon: Commitments into Actions, Mayor's Education Summit. Ito ay nag lalayong himukin ang pagpapatuloy ng best practices na pinangunahan ng mga mag-aaral, guro, magulang, at paaralan sa nakaraang school year.

Ang Summit na ito ay gaganapin online at dadaluhan ng iba't-ibang kinatawan ng mga pampubliko at pribadong organisasyon na sumusuporta sa patuloy na paghahatid ng kalidad na edukasyon.

Abangan:



Quarantalks QC: Year 2!
 Pagpapatuloy ng distance learning sa ilalim ng pandemya

Yakap Daycare Centers: Distance Learning


Ang bawat magulang ay may kanyang-kanyang pamamaraan o stratehiya sa pagtuturo ng kanilang mga anak at dito ay makikita natin na sila talaga ay mga huwarang guro ng kanilang mga anak di lamang sa akademya kundi kabuntot nadin ang mabubuting asal na paglabas ng bahay ay taas noong maipapakita ng bata na sya ay may natutunan sa kanyang mahal na magulang. Ito po ay karunungan at kaalaman na hindi matutumbasan ng kahit na anong halaga sapagkat ito ang mga bagay na naipapamana ng ating mga magulang sa anak na habang natututo sa pag-aaral ay nakakaramdam ng lubos na malasakit at pagmamahal nila sa mga magulang na ang pag-aaral ay nagiging masaya kung ang buong pamilya ay nagmamahalan at nagtutulungan, isang pag-uugali na mahalagang matutunan ng bawat bata. Dito nasubukan ang tatag ng pamilyang Pilipino laban sa pandemya.

Nagsumite: Day Care Workers ng District I

A year in review: Studying in the midst of a Pandemic

By: Voughn Fyren B Vinluan

Nagsimula ang aming klase sa unang linggo ng Oktubre, 2020. Nanibago talaga ako sa mga unang lingo at buwan ng pagsasagawa ng Modular Learning system o Online Class. Medyo nahirapan



Voughn Fyren B. Vinluan
Grade 3 - P. Bernardo
New Era Elementary School

“
Ngayon ay ika-apat na markahan na, matatapos na ang school year 2020-2021 masasabi ko na marami akong natutuhan kahit nasa bahay lang.”

Elix Valdez
New Era ES



din ang aming mga tagapangalaga tulad ng aking Tito na palaging nagtitiyagang kumukuha ng aking mga modules at worksheets sa aming paaralan. Siya rin ang namamahala sa aming tahanan dahil naging Stay-In ang aking Papa sa kanyang trabaho. Medyo hirap din kami ng aking kuya ng mga panahong iyon dahil tanging cellphone lamang ang gamit namin para makapag online class. Lagi rin po kaming nagpapaload para makasali sa online class. Hanggang sa naglunsad ang Pamahalaan ng Lungsod Quezon sa pangunguna ng aming mahal na Mayor Joy Belmonte, na pagkalooban ng Tablets na may regular na load upang


may magamit sa online class ang mga mag-aaral sa sekondarya tulad ng aking kuya na nasa ikasiyam na baitang. Tuwang tuwa po kami ng kuya ko nung makita at mahawakan na namin ang ipinagkaloob na Tablet dahil maayos na kaming nakakapag Online class. Kapag wala naman po akong Online Class, ginagawa ko naman at sinasagutan ang mga Modules at worksheets na galing sa aming paaralan.

At sa paglipas pa ng mga linggo at buwan ay lalo pa po akong nagagalak sa aking pag-aaral sa pamamagitan ng Modular Learning System o Online Class. Hindi man kami nabigyan ng pagkakataon na magkaharap-harap ng aking mga kamag-aral at kaguruan, lalo na sa aming adviser ay alam kong naging masaya at mabuti ang aming mga samahan kahit sa pamamagitan lamang ng Online Class.

Salamat sa lahat ng namamahala at nangunguna mula sa ating Mahal na Pangulo ng Bansa, Pangulong Rodrigo Duterte hanggang sa aming mahal na Mayor Ng Lungsod, Mayor Joy Belmonte. Salamat din po sa lahat ng Ahensiya ng Pamahalaan na walang sawang gumabay sa lahat ng mamamayan lalo na sa aming mga mag-aaral. Nawa'y manatili po tayong lahat na ligtas at malayo sa anumang sakuna at sakit at higit sa lahat ay manatili tayong may malalakas at malulusog na pangangatawan at kalusugan.



Laptops at Internet Para sa Public School Teachers



Sa nalalapit na pagtatapos ng School Year 2020-2021, ating balikan ang mga naging programa ng Lokal Pamahalaan ng Quezon City upang matugunan ang pangagailangan ng ating mga guro sa panahon ng pandemya.

Nagpamahagi ang lungsod Quezon ng 3210 units ng Laptop para sa ating mga guro. Ito ay unang batch pa lamang ng mga laptops na ipapamahagi.

Kada buwan nakatanggap din ng load ang ating mga elementary at high school teachers. Dahil karamihan sa mga mag-aaral sa elementary ay printed modules ang ginagamit, ang 8,791 na guro sa elementary ay nakatanggap ng SIM at Home Prepaid Wifi. Ang load na kanilang natatanggap ay may kasamang call, text at internet para patuloy nilang magabayan ang kanilang mga estudyante. Sa high school naman dahil sila ay nagsasagawa ng online distance learning, nakatanggap ang mga guro ng 7,587 pocket-wifis na may kasama ring load kada buwan.



Ayon sa ating mga guro, ang SIM at Home Prepaid Wifi ay nakatulong sa kanilang pagtuturo. Karamihan sa kanila ay nagagamit ito sa teacher-student consultations, online classes, trainings, meetings at paggawa ng teaching materials.



Mensahe mula sa Tanggapan ng Punong Lungsod Mayor Joy Belmonte

Congratulations sa lahat ng ating school heads, teaching and non-teaching personnel, mga magulang at guardians, mga partner sa edukasyon at higit sa lahat sa ating mga estudyante na napagtagumpayan ang ating unang taon sa ilalim ng distance learning. Hanga ako sa bawat isa sa inyo dahil sa ipinakita ninyong katatagan.

Kahit na tayo ay nanibago sa kakaibang pamamaraan ng pag-aaral ay siniguro natin na ang bawat mag-aaral ay nasubaybayan at nabigyan suporta para masiguro ang pagpapatuloy ng kanilang pag-aaral.

Bagamat hindi pa natatapos ang pandemya at marami pa tayong pagdaananang pagsubok, asahan ninyo na ang inyong lokal na pamahalaan ay patuloy na gagabay at sisikaping maibigay ang suporta na kailangan ng ating mga mag-aaral ng iba't ibang antas — mula Daycare, Elementary, High School, at maging sa mga sa kolehiyo at iba pang anyo ng pag-aaral dito sa ating lungsod.

Ako ay taos pusong naniniwala na ang edukasyon ay isa sa higit na dapat binibigyan ng prayoridad lalo na sa gitna ng pandaigdigang health crisis na ating dinaranas. Hinihimok ko ang lahat na patuloy pa nating gabayan at pagtulongan ang pagsiguro sa kalidad na edukasyon para sa ating mga kabataan. Sa pamamagitan nito, makakasiguro tayo na ang lahat ay Kasama sa Pag-unlad!

Public School Based Feeding Program, Tuloy Pa Rin!

Upang siguraduhin ang sapat na nutrisyon ng mga mag-aaral sa gitna ng pandemya, ang mga pampublikong paaralan sa Lungsod Quezon ay namahagi ng gatas sa 34,435 (200 mililitro kada bata) na piling mag-aaral. Namahagi rin mga gulay (kalabasa, malunggay, sitaw, upo, ampalaya, patola, talong, patatas, kamatis), prutas (mansanas, saging, kahel) at tinapay sa 65,562 na mag-aaral.

Nagkaroon rin ng pagpupurga sa mga mag-aaral sa tulong ng mga magulang noong Disyembre 2020 hanggang Marso 2021.

Sa susunod na pasukan (SY 2021-2022), muling mamamahagi mga gulay, prutas, tinapay at bigas sa mga mag-aaral na kulang sa nutrisyon.



Photo taken last January 25, 2020.

Quezon City Scholars: Dumoble!

Isa sa mga adbokasiya ng pamahalaang Lungsod Quezon sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Joy Belmonte ang pagpapahalaga at pagpapalakas ng antas at kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng scholarship program.

Sa taong 2020, mayroon 16,118 Quezon City Schools ang lungsod sa pamamagitan ng Quezon City Youth Development Office (QCYDO). Layunin ng QCYDO na makatulong sa mga kabataan na makapag-aral at makapagtapos ng kolehiyo sa pamamagitan ng tulong pinansyal tulad ng pagbibigay ng stipend o allowance at pagbabayad na matrikula.

Ang Scholarship Program ng lungsod ay may iba't ibang kategorya alinsunod sa Guidelines na inaprubahan ni Mayor Belmonte. Ang mga kabataang mag-aaral ng Quezon City ay maaaring maging benepisyaryo ng scholarship programs sa ilalim ng: Senior High School Category, Economic at Financial Assistance Category, Specialized Courses Category, Academic Category, Civic Leaders Category, at Post Graduate Studies Category.

Bilang tugon naman sa hangarin ni Mayor Joy Belmonte na mapadali ang pagbibigay serbisyo sa mga iskolar, naging automated na rin ang pagbibigay ng kanilang allowance o stipend. Sa pamamagitan ng PayMaya mas napabilis ang proseso at pagpapadala ng allowance ng mga iskolar.



ALAMIN NATIN



Narito ang mga kwalipikasyon para sa mga kabataan ng lungsod na gustong maging benepisyaryo ng Quezon City Scholarship Program:

1. Overall top/rank 1 to 10 ng Quezon City Public Senior High School graduates
2. Overall top/rank 1 to 3 Grade 10 completers ng Quezon City Public High Schools
3. Grade 10 completers na nakatanggap ng national o international non-academic awards na kinilala ng Department of Education
4. Alumni ng Center for Excellence (Centrex) Leadership Training
5. Sangguniang Kabataan (SK) Officials
6. Public/ Private Senior High School graduates o college undergraduate na mayroon 75% general weighted average (GWA) na nabibilang sa indigent families
7. Alternative Learning System (ALS) Graduate
8. Household Helpers o mga kasambahay
9. Persons with Disabilities (PWD)
10. College graduates na nais kumuha ng Post Graduate Studies

Magkakaroon ng panibagong online platform para sa pagkuha ng mga scholarship programs, kasama na rito ang Scholarship Application para sa SY 2021-2022. Lahat ng mga interesado ay hinihikayat mag register sa QC E-Services at mag apply para magkaroon ng QCitizen ID, dahil ito ay isa sa mga kinakailangang dokumento sa pagproseso ng scholarship program ng lungsod.

Inaanyayahan ang mga nais maging benepisyaryo ng programa na makipag-ugnayan lamang sa tanggapan ng QCYDO:

7th Flr. Civic Center A Quezon City Hall
Landline Number:
(02) 8998 4242 local 8738
Email Address: qcydo@quezoncity.gov.ph
Facebook Page: facebook.com/QCYDO



Inilathala ng QC Education Affairs Unit



quezoncity.gov.ph



qceservices.quezoncity.gov.ph



depedqc.ph



QCGov



qcpu1994



depedqc